MERALCO EMPLOYEES SAVINGS AND LOAN ASSOCIATION, INC.
Operations Bldg., Meralco Center, Ortigas Ave., Brgy. Ugong, Pasig City
**Telephone Numbers:** (02) 1622-6028; 8425-6736; 1622-6075; 1622-8604
**Email Address:** meralco_sla@mesala.com.ph **Website:** www.mesala.com.ph
***READY WHEN YOU NEED US***

# FAQs – ACCOUNT CLOSURE DUE TO DEATH

**Q1 : Namatay po ang tatay, nanay, kapatid, o anak ko na member ng MESALA. Ano po ang gagawin ko?**

A1 : Lubos na hinihikayat na ipaalam agad ito sa MESALA. Pansamantala, ang kanyang account ay hindi maaaring mabawasan (mawithdrawhan).

Ang anumang pag-aari ng namatay (kabilang na ang kanyang deposits sa MESALA) ay mapupunta sa kanyang mga tagapagmana (heirs) ayon sa ating laws on succession. Ngunit bago ito mapakinabangan o magamit ng heirs, ibabawas sa natirang halaga sa account ang anumang obligasyon ng namatay sa Mesala, kabilang na ang kanyang loans, at dadaan ito sa mga proseso na itinakda ng batas.

**Q2 : Ano-ano ang dapat kong gawin pagkatapos kong ipaalam sa MESALA ang kamatayan ng aking magulang, kapatid o anak?**

A2 : Pakisubmit po ang mga sumusunod sa opisina upang maprocess ang closure ng kanyang account:

1. Photocopy ng PSA-issued Certificate of Death at one valid government-issued valid ID ng namatay
2. Photocopy ng mga NSO-/PSA-issued Certificates of Live Birth at Certificate of Marriage (para sa naiwang asawa) at one-government issued ID with three specimen signatures ng naiwang asawa at lahat ng mga anak ng namatay
3. Original Mesala passbook/s ng namatay for cancellation
   - Kung nawala na ang passbook/s, pakifill-out ang Affidavit for Lost Deposit Book. Hindi na po ito kailangang notaryado.
   - Ang naiwang asawa o isa sa mga anak (kung walang naiwang asawa) ang pipirma rito.
4. Original duly accomplished Request for Mesala Certification
   - Nakasaad rito ang kabuuang halaga (savings, capital, at time deposit, kung mayroon) na naiwan sa account hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.
   - Hindi po ang kabuuang halaga na nakasaad dito ang makukuha ng heirs. Maaaring ibawas ng Mesala ang mga sumusunod:
     - 6% ng kabuuang halaga (estate tax). Ayon sa batas, ang mga ari-arian ng namatay ay papatawan ng estate tax. Simula Enero 1, 2018, 6% po ang estate tax ayon sa TRAIN Law. Kung nais ng heirs na hindi ito ibawas ng Mesala, maaaring isubmit sa Mesala ang electronic Certificate Authorizing Registration (eCAR) na iniissue ng BIR.
     - P 200.00 (monthly maintenance fee). Ibabawas ito pagkaraan ng anim (6) na buwan mula nang mamatay ang member.
5. Original duly accomplished Mesala withdrawal slip
   - Pakilagay ang “FOR ACCOUNT CLOSURE” sa “Amount in words” at “Amount in figures”.
   - Ang naiwang asawa o isa sa mga anak (kung walang naiwang asawa) ang pipirma rito.
6. Original notarized Extrajudicial Settlement of Estate o Affidavit of Self-Adjudication
   - Ang lahat ng mga naiwang heirs ang siyang mage-execute ng Extrajudicial Settlement of Estate.
   - Kung nag-iisa lamang ang heir, Affidavit of Self-Adjudication ang issubmit sa Mesala.
7. Original notarized Affidavit of Publication na pinirmahan ng publisher o editor ng

newspaper of general circulation bilang patunay na ang Extrajudicial Settlement of Estate o Affidavit of Self-Adjudication ay napublish for three (3) consecutive weeks.

8. Original BIR-stamped BIR Form No. 1904 o electronic Certificate Authorizing Registration (eCAR)
   - May dalawa pong option ang heirs hinggil sa pagbabayad ng estate tax.
   - Una, babawasan po ng 6% ng Mesala ang halagang naiwan ng namatay. Ngunit bago ito gawin ay kailangang isubmit ng heirs sa Mesala ang original BIR-stamped BIR Form No. 1904. Sa amin pong karanasan, hindi tatagal ng tatlong araw ang pagkuha ng BIR-stamped BIR Form No. 1904.
   - Pangalawa, kung nais ng heirs na hindi ibawas ng Mesala ang 6% sa natirang pera ng namatay, maaaring isubmit ang eCAR na iniissue ng BIR. Ang pagkuha ng eCAR, sa amin pong karanasan, ay umaabot ng mahigit dalawang buwan.

**Q3 : Sino-sino ang heirs na maaaring kumuha ng naiwang pera sa Mesala?**

A3 : Kung wala pong iniwang will ang namatay, ayon po sa laws on succession, ang naiwang asawa at mga anak (legitimate at recognized illegitimate) ang entitled sa naiwang pera sa Mesala.

Kung wala pong naiwang asawa, ang mga anak (legitimate at recognized illegitimate) lamang po ang entitled dito.

Kailangan po isubmit ang original notarized Extrajudicial Settlement of Estate sa Mesala na nagsasaad na sila lamang ang heirs ng namatay at ng kanilang napagkasunduang hatian sa naiwang ari-arian ng namatay, kasama na ang pera sa Mesala. Kung ang isang heir ay winewaive na ang kanyang hati para sa isa pang heir, ito ay dapat malinaw na nakasaad.

Kung ang isa sa mga heirs ay nasa abroad, pakisubmit po ang apostilled Extrajudicial Settlement of Estate o Waiver of Rights o Special Power of Attorney. Kung hindi po signatory ang bansa kung saan kasalukuyang naninirahan ang heir sa Apostille Convention, magtungo po sa Pasuguan (Embassy) o Konsuladong Panlahat (Consulate General) ng Pilipinas parang sa pagnonotaryo ng mga dokumentong ito.

Original notarized Affidavit of Self-Adjudication naman ang issubmit kung nag-iisa lamang ang heir.

Kung mayroon pong will, ayon sa batas, ang will ay dapat dumaan sa probate proceedings sa hukuman.

Amin pong hinihikayat ang mga heirs na sumangguni sa abogado hinggil sa mga bagay na ito.

**Q4 : Kailan maaaring makuha ang naiwang pera sa Mesala?**

A4 : Pagkatapos matanggap ang lahat ng mga requirements sa taas ay amin pong hinihingi ang inyong pang-unawa at pagtitiyaga habang pinoproseso ang closure ng account na maaaring tumanggal hanggang isang linggo.

Agad po naming ipaaalam sa heirs kung kailan maaaring makuha ang check/s na nakaissue sa bawat isa ayon sa hatian na nakasaad sa Extrajudicial Settlement of Estate. Ang bawat isang heir ay makatatanggap ng check, maliban kung nagwaive siya ng kanyang share. Ang check/s

ay kukunin sa Mesala nang personal maliban kung may Authorization Letter ang kukuha ng check/s kung saan nakapirma ang payee sa check/s. Ito ay issubmit din sa Mesala.

**Q5 : Ano ang kailangang isubmit bago marelease ang check/s?**
A5 : Pakisubmit ang original notarized Mesala Release and Quitclaim na ieexecute ng lahat ng heirs na tatanggap ng check/s.

Nakasaad sa Mesala Release and Quitclaim na natanggap na ng heirs ang naiwang pera ng namatay at wala na itong inaasahang matatanggap pa mula sa Mesala hinggil sa account ng namatay.

**Q6 : Ang namatay na member ng Mesala ay enrolled sa Death Benefit Program (DBP). Ano ang dapat kong gawin?**
A6 : Ang Death Benefit Program (DBP) ng Mesala ay isang group insurance package na inuunderwrite ng Philam Life Insurance Co. Upang makuha ang DBP benefits, maaaring makipag-ugnayan kay Ms. Ladylyn M. Samarita sa pamamagitan ng cellphone (+639097637401) o ng email (mesala.unitcabio@gmail.com).

**Q7 : Ang namatay na member ng Mesala ay enrolled sa Abuloy Program. Sino o sino-sino ang makatatanggap ng abuloy?**
A7 : Ang abuloy ay ibibigay sa itinakdang beneficiary o beneficiaries ayon sa Enrollment Form o Beneficiary Enrollment Form na sinubmit ng namatay na member sa Mesala.

Kung walang itinakdang beneficiary o beneficiaries, ang abuloy ay ibibigay sa naiwang asawa; kung walang naiwang asawa, sa lahat ng mga anak (legitimate o recognized illegitimate); kung walang naiwang asawa at mga anak, sa mga magulang; kung walang naiwang asawa, mga anak, at magulang, sa lahat ng mga kapatid; kung walang naiwang asawa, mga anak, magulang, at mga kapatid, sa mga lolo at lola; kung walang naiwang asawa, mga anak, magulang, mga kapatid, at lolo't lola, sa lahat ng mga pinsan. Ito ay ayon sa terms and conditions ng Abuloy Program na ipinaalam sa mga members noong 29 Hulyo 2019 sa pamamagitan ng liham para sa mga members ng Mesala.

**Q8 : Ano-ano ang dapat isubmit ng beneficiary o beneficiaries upang makuha ang abuloy?**
A8 : Pakisubmit po ang (1) duly accomplished Mesala Abuloy Claim Form; (2) photocopy ng PSA-issued Certificate of Death at isang valid government-issued ID ng namatay; (3) photocopies ng NSO-/PSA-issued Certificate of Live Birth at isang valid government-issued valid ID with three specimen signatures ng beneficiary o beneficiaries; at (4) iba pang dokumento na maaaring hingin ng MESALA bilang patunay ng pagkakakilanlan ng beneficiary o beneficiaries.

**Q9 : Kailan makukuha ang abuloy?**
A9 : Pagkatapos matanggap ang lahat ng mga requirements sa taas, ang check/s ay makukuha ng beneficiary o beneficiaries sa loob ng tatlong araw.